Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTECITY
PARTIDA ELEMENTARY SCHOOL

**Office of the Principal**

Agosto 5, 2021

**SCHOOL MEMORANDUM**
No. 23, s. 2021

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA**

To: Mga Guro
Lahat ng Kinauukulan

1. Bilang pagtalima sa Pangkagawaran Blg. 046, s. 2021 at Pampaaralang Pansanagy na Memorandum Blg. 252 s. 2021, ang Paaralang Pang Elementarya ng Partida ay kaisa ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2021 mula ika-1 hanggang ika 31 ng Agosto, 2021 na may temang "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino," alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maitutupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang mga guro, mag-aaral, magulang at buong kumunidad na makiisa sa programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga guro, mag-aaral, magulang at buong kumunidad na pahalagahan ang mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa;
   e. Maipakilala sa mga mga guro, mag-aaral, magulang at buong kumunidad ang KFW bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng programang pangwika nito;
   f. Magkaroon ng pagpapahalaga ang bawat guro at mag-aaral hingil sa pansangay na adbokasiya ng Filipino (ALIWIN) sa pamamagitan ng aktibong pakikibahagi sa mga gawaing pangwika tungo sa lubusang pag-unlad ng Wikang Filipino.

3. Ipagdiriwang ang Buwan ng Wika batay sa "*Action Plan"* na inihanda ng paaralan.

4. Kalakip Blg. 1 ang mungkahing mga Gawain/Paligsahan Pampaaralan na nakaugnay sat ema ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

5. Samantala, hindi sapilitang ipinasasakatuparan ang pampaaralang mga gawain/paligsahan at boluntaryo at kusang loob lamang ang pagtugon dito.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**CAROLYN W. OLIVEROS**
Principal I

**Office of the Principal**

Kalakip Blg. 1

# Pampaaralang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2021

## Agosto 1 - 31, 2021

**Inihanda ni:**

**JENILYN T. GOJO-CRUZ**
**Filipino Koordineytor**

**Ipinasa kay:**

**CAROLYN W. OLIVEROS**
**Punongguro**

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTECITY
PARTIDA ELEMENTARY SCHOOL

**Office of the Principal**

## Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2021

## Tema: "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino"

**Layunin:** 1. Bigyan ng oportunidad ang mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kakayahan sa pagbigkas ng tula.

2. Maipamalas ng mga mag-aaral ang kamalayan sa otograpiyang Filipino sa pamamagitan ng tagisan sa pagsulat at pagbigkas ng tula.
3. Gawing aktibo ang mga mag-aaral sa isang makabuluhang gawain na magpapalawak ng kanilang husay sa pagbasa at interpretasyon.

**Araw ng Paggawad ng Karangalan sa mga Kalahok: Agosto 27, 2021**

### Buwan ng Wika 2019 Program Committee

| | |
|---|---|
| **Chairman**: | Jenilyn T. Gojo Cruz |
| **Program/Documentation:** | Jenilyn T. Gojo Cruz |
| **Registration:** | Lorilie D. Dupagan |
| | Emily F. Cordero |
| | Abigael C. Torrero |
| | Marlyn M. Rodriguez |
| | Maribel G. Celso |
| | Ela Q. Silvestre |
| **Certificates:** | Mark Angelo I. Gojo Cruz |
| **Accommodation:** | Ma. Teresa M. Macalino |

**Mga Hurado sa Patimpalak**

| **Unang Baitang** | **Ikalawang Baitang** | **Ikatlong Baitang** |
|---|---|---|
| Laila A. Afloro | Violeta M. Fugaban | Abigael C. Torrero |
| Cynthia P. Soriano | Ma. Teresa M. Macalino | Verhma I. Portento |
| Winelyn T. Zuniega | Jackielyn D. Canoza | Maricel S. Tamondong |

| **Ikaapat na Baitang** | **Ikalimang Baitang** | **Ikaanim na Baitang** |
|---|---|---|
| Marlyn M. Rodriguez | Maribel G. Celso | Ela Q. Silvestre |
| Elizabeth DC. Sicat | Liza M. Manalili | Ma. Oliva DC. Gemao |
| Judy Ann D. Pascua | Jenilyn T. Gojo Cruz | Roan C. Mabazza |

**Office of the Principal**

**Proctor:** Agnes E. Labindao
**Quiz Master:** Rodalyn O. Gaspar
**Proctor:** Mariah Kristelle D. Ipio
**Scorer:** Mary Rose D. Macale

**Gawaing Pampaaralan:**

## 1. Pagbigkas ng Tula

**Paraan:**

a. Isaulo ang nakatalagang tula para sa baitang ng mag-aaral.
b. Kunan ng bidyu ang pagbigkas ng tula ng mag-aaral.
c. Isumite ito sa tagapayo kalakip ang larawan ng pag-aaral na may pangalan at sulat ng pahintulot ng tagapangalaga.

**Mga Kalahok:** Unang Baitang hanggang Ikatlong Baitang

## Mga Pamantayan Para sa Paghuhusga

| | | |
|---|---|---|
| Tinig | - | 25% |
| Kumpas at Interpretasyon | - | 25% |
| Pagkasaulo | - | 20% |
| Lakas ng Pagbigkas | - | 20% |
| Kasuotan | - | 10% |
| | | 100% |

**Petsa ng Pagpasa ng Bidyu:** Agosto 6, 2021

## Piyesa ng Tula Para sa Unang Baitang

**Karununga'y Ipaalam**
Sulat ni Deodan Benedicto

Sariling karununga‟y alamin, Sa
wasto ay gamitin,
Para muling buksan at ilawan,
Ang kinulong sa kadiliman,

Sigaw ng pilipino‟y wika ng karunungan,
Atin ng umpisahang pahalagahan, Sapagkat
may sapat ng kaalaman,
Na kailanman‟y hindi mapapalitan,

Wika ng isang bansa‟y walang kapantay,
Dahil karununga‟y dito nakaugnay,
Kaya‟t gamitin sa tama at pantay,
Para bansa‟y muling bumangon sa pagkamatay,

Wikang Filipino na siyang bigkas,
Para sa lahat ng oras,
Sapagkat ito ang ating landas,
Na magpapatuloy ng bukas,

Ating tangkilikin wikang Filipino,
Bagkus, ito‟y pamana ng ating mga ninuno,
Kaya mahalin natin ng buong puso, At
ipagmalaki na tayo‟y katutubong Pilipino.

**Reference:** "Tula Para Sa Buwan Ng Wika - Halimbawa Ng Mga Tula - philnews.ph." 13 Apr. 2020, https://philnews.ph/2020/04/13/tula-para-sa-buwan-ng-wika-halimbawa-ng-mga-tula/. Accessed 26 Jul. 2021.

**Piyesa ng Tula Para sa Ikalawang Baitang**

## Wikang Pambansa, Wikang Panlahat

Sulat ni Gerlie L. Palmenco

Luzon, Visayas, pati na sa Mindanao
Tuwing Agosto‟y sabay-sabay humihiyaw
Grupong etniko sa „Pinas nagkakaisa
Pinagyayaman pang lalo ang wika nila.

Ilokano, Bisaya, maging ang Tausug Sa
wikang-ginto, Pilipinas ay busog.
Chavacano, Cebuano, Ilonggo‟t marami pa

Pagsaluha‟t mahalin, bigay ng Dakilang Lumikha.
Iba‟t ibang salita man ang banggit
Sa puso‟t kaluluwa‟y iisa lang ang gamit Buong
pagmamahal itong ipagpunyagi Kayamanan ng
buhay, dugo, at lahi.

Mayamang kultura, kanyang sinasalamin
Makulay na tradisyon, ipinamamahagi din Wikang
Pambansa ay Wikang Panlahat
Gamitin ng tama‟t paglingkurang tapat.

Sagisag ng kalayaan, sandigan ng katapatan
Wikang Pilipinong noo‟y ating ipinaglaban Nawa‟y
ingatan at laging alagaan
Lubos na mahalin, kailanma‟y huwag pabayaan.

**Reference:** "Tula Para Sa Buwan Ng Wika - Halimbawa Ng Mga Tula - philnews.ph." 13 Apr. 2020, https://philnews.ph/2020/04/13/tula-para-sa-buwan-ng-wika-halimbawa-ng-mga-tula/. Accessed 26 Jul. 2021.

## Piyesa ng Tula Para sa Ikatlong Baitang

### Ang Wika Ko
ni: Rio Alma

Ang wika ko‟y wikang atin, katutubo,
Na minana pa ni ina sa nuno ng kanyang nuno; Taglay
nitó ang salaysay na taal at mula puso,
At ang ugat ng lumípas na tagbagyo nang tumubò.

Hindi ito natatákot sa pagsákop,
Yumayaman ito kahit lumuluhang nakagápos. Ngunit
kapag nakalayà, asahan mong magsasabog Ng
bulaklak at insenso sa anak ng paghahamok.

Ang wika nga, walang wikang isinílang
Upang maging mas mataas kaysa ibáng salitaan; Abá,
hintay! Walang wikang sa sarili‟y yumayaman Nang
higit pa sa may-ari‟t gumagámit araw-araw.

Umibig man at manalig sa banyaga,
Ngunit huwag lilimutin ang sarili‟t inang wika;
Malango na sa mabango‟t bulaklaking dáyong dila
Ngunit huwag isasangla pati diwa mong malayà.

Ang wika ko‟y wika nating malikhain,
May hiwaga ng gunitang pag hinukay, lumalalim; Langhapin
mo‟t ang linamnam, umaalab kung haplusin, Kabaak mo,
buong-buo, iyong-iyo pag inangkin.

**Reference:** "Poem By Rio Alma - ANG WIKA KO By Rio Alma Ang ... - Course Hero." https://www.coursehero.com/file/38505555/Poem-By-Rio-Almadocx/. Accessed 26 Jul. 2021.

**2. I-ispel Mo!**

**Paraan:**

a. Maghanda ng bond paper at pentlepen. Isulat ang iyong bilang ayon sa tala ng iyong pangalan sa listahan ng mga kalahok sa kaliwang bahagi ng bond paper.
b. Pakinggang mabuti ang salitang babanggitin ng Quiz Master. Isulat ito sa bond paper gamit ang pentlepen.
c. Ang kalahok na may pinakamaraming nakuhang tamang baybay ng salita ang siyang tatanghaling panalo.

**Mga Kalahok:** Ikaapat na Baitang

## Mga Pamantayan Para sa Paghuhusga

**1** puntos – para sa Madali

**2** puntos – para sa Katamtaman

**3** puntos – para sa Mahirap

**Petsa ng Gawain: Agosto 13, 2021; ika-2 ng Hapon; Google Meet**

### 3. Sulkas-Tula

**Paraan:**

d. Sumulat ng tulang naaakma sa tema sa loob ng 30 minuto.
e. Bigkasin ito sa mga hurado.

**Mga Kalahok:** Ikalimang Baitang

#### Mga Pamantayan Para sa Paghuhusga

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pagsulat | - | Interpretasyon ng Tula | | |
| | | Kaugnayan sa Paksa | - | 25% |
| | | Organisasyon ng Diwa | - | 15% |
| | | Mekaniks | - | 10% |
| | | (3 na saknong na binubuo ng 4 na taludtod na may tugma) | | |
| Pagbasa | - | Hikayat | | |
| | | Dating sa Madla | - | 5% |
| | | Kilos/Galaw/Kumpas | - | 10% |
| | | Ekspresyon ng Mukha | - | 10% |
| | | Tinig at Bigkas | | |
| | | Lakas/Diin/ Taginting | - | 10% |
| | | Matatas at Maliwanag | - | 10% |
| | | Wastong Pagbubukod ng Salita | - | 5% |
| | | | | 100% |

**Petsa ng Gawain:** Agosto 20, 2021; Ika-2 ng Hapon; Google Meet

### 4. Masining na Pagkukuwento

**Paraan:**

a. Basahin at intindihin ang kuwento.
b. Ibidyu ang pagtatanghal ng masining na pagkukuwento.
c. Ang kasuotan at kagamitan ay angkop sa piyesang gagamitin sa masining na pagkukuwento.
d. Isumite ito sa tagapayo kalakip ang larawan ng mag-aaral na may pangalan at sulat ng pahintulot ng tagapangalaga.

**Mga Kalahok:** Ikaanim na Baitang

**Mga Pamantayan Para sa Paghuhusga**

| | | |
|---|---|---|
| Paghahatid ng Pagsasalita | - | 30% |
| Pagbigkas | - | 20% |
| Kalidad ng Boses | - | 20% |
| Kilos | - | 20% |
| Memorya | - | 5% |
| Kasuotan | - | 5% |
| | | 100% |

**Petsa ng Gawain:** Agosto 20, 2021

## Piyesa ng Kuwento Para sa Ikaanim na Baitang

### Ang Alamat ng Bundok Pinatubo

Masagana ang Kahariang Masinlok. Magandang maganda noon ang umaga. Maningning ang sikat ng araw. Sariwa ang hanging amihan. Lunti ang mga halaman sa paligid. Masigla ang awit ng mga ibon. Bughaw ang kabundukan. Subalit ang kagandahan ng umaga ay hindi nakasiya sa Datu. Wala siyang madamang kaligayahan sa lahat ng namamalas.

Malungkot na nakapanungaw ang Datu. Nakatuon ang ma paningin sa bughaw na kabundukan. Nakakunot ang noo at tikom ang mga labi. Nagbuntong-hininga siya ng malalim.

“Malungkot na naman kayo, mahal na Datu,” narinig niya sa may likuran. Bumaling ang Datu. Nagtanong ang mga mata ni Tandang Limay. Isa ito sa bumubuo sa “Konseho ng Matanda.” “Ikaw pala. Nalulungkot nga ako, Tandang Limay. Naalaala ko ang aking kabataan,” at nagbuntung-hininga muli. Humawak siya sa palababahan ng bintana.

“Nakita mo ba ang bundok na iyon?” nagtaas ng paningin ang Datu.

“Oo, aking Datu, ngunit ano ang kinalaman niyon sa inyong kalungkutan?” tanong ni Tandang Limay. Napag-usapan na ng “Matatanda” ang napapansin nilang pagkamalungkutin ng Datu. Siya nga ang naatasang magsiyasat tungkol dito.

Doon ako sa mga bundok na iyon laging nangangaso. Natatandaan mo marahil na malimit akong mag-uwi ng baboy-ramo at usa sa aking ama at mahal ko sa buhay.

“Opo. Kayo, mahal na Datu, ang kinikilalang pinakamagaling sa pana noon. Napabantog sa ibang kaharian ang inyong katangian sa pangangaso,” sang-ayon ni Tandang Limay.

**Office of the Principal**

"Iyan ang suliranin ko ngayon. Para bang gustong-gusto kong magawa uli ang mga bagay na iyon, ngunit napakatanda ko na upang pagbalikan ang kabundukang iyon. Napakalayo na ang mga pook na iyon para sa mahina kong katawan," at muling nagbuntung-hininga ang Datu.

"Hindi na nga ninyo makakayanan ang maglakbay nang malayo. Ngunit maaari naman kayong magkaroon ng ibang libangan," pasimula ni Tandang Limay.

"Bahagi na ng aking buhay ang pangangaso. Hindi na rin ako makadarama ng kasiyahan kung iba ang aking magiging aliwan," malungkot na umiling ang Datu.

Naging usap-usapan sa buong kaharian ang suliranin ng Datu. Nabalita rin sa ilang bayan ang pagkamalungkutin ng pinuno ng Masinlok.

Makalipas ang ilang araw, dumating sa palasyo ang isang salamangkero. Matanda na siya at mabalasik ang mukha. Malaki ang paghahangad niya sa kamay ni Prinsesa Alindaya, prinsesa ng Masinlok ngunit malaki rin ang pag-ayaw nito sa kanya.

Nagbigay ng kaukulang paggalang ang panauhin.

"May magandang panukala ako tungkol sa inyong suliranin kung inyong mamarapatin, mahal na Datu", saad ng salamangkero.

"Sabihin mo at handa akong magbayad sa inyong kapaguran," turing ng Datu.

"Magpapatubo ako ng isang bundok sa kapatagan ng Masinlok na malapit sa inyong palasyo para sa inyong pangangaso ipakasal lamang ninyo sa akin si Prinsesa Alindaya," pahayag ng panauhin.

"Kung matutupad mo ang iyong sinabi ay ibibigay ko sa iyo ang kamay ng aking anak," mabilis na pasiya ng Datu.

Madaling kumuha ng isang maliit na batumbuhay ang salamangkero. Ito‟y parang isang batong mutya.

Itinanim niya itong tila isang binhin ng halaman. Biglang-biglang sumipot sa pinagtamnan ang isang maliit na puno. Tumaas nang tumaas iyon. Lumaki nang lumaki hanggang sa maging isang bundok.

"Aba, anong laking bundok! Di ba iyan tumubo sa itinanim na batong mutya ng salamangkero?" paksa ng usapan ng mga tao.

Samantala sa palasyo, iniluhang gayon na lamang ni Prinsesa Alindaya ang naging pasiya ng ama. Ipinagdamdam niya nang labis na tila siya ay kalakal na ipinagpalit lamang sa isang bundok. At sa lalaki pa namang kanyang kinamumuhian. Laging lumuluha ang magandang prinsesa. Nagkaroon siya ng karamdaman. Naging malubha ang kanyang sakit. Dumating ang araw na itinakda ng Datu sa pagkuha sa kanya ng salamangkero.

"Ikinalulungkot ko na hindi ko mapasasama sa iyo ang aking anak. May sakit ang mahal na prinsesa. Magbalik ka sa ibang araw," saad ng Datu sa salamangkero.

Umuwing masamang-masama ang loob ng matanda. Galit na galit siya sa Datu. Sinapantaha niyang gusto na nitong sumira sa usapan. Nagulong gayon na lamang ang kanyang loob. Lagi niyang naiisip si Prinsesa Alindaya at ang kanyang kabiguan. Hindi niya napansing palaki nang palaki ang bundok. Ito‟y kanyang nakaligtaan.

"Mahal na Datu, halos natatakpan na po ng bundok ang buong kapatagan. Malapit na pong humangga ang bundok sa tabing-dagat. Wala na pong matitirhan ang mga tao," sumbong ng matatanda sa Datu.

"Hulihin ngayon din ang salamangkero. Putulan siya ng ulo. Lubhang nakapipinsala sa kaharian ang bundok na pinatubo niya," mabalasik na utos ng hari. Natakot siya sa maaring mangyari sa kaharian.

Namatay ang salamangkero ngunit patuloy pa rin sa paglaki ang bundok. Araw-araw ay pataas ito nang pataas na lalong ikinababahala ng mga tao. Walang maisipang gawin ang Datu. Palubha nang palubha ang suliranin.

Nakaabot ang balita hanggang sa malalayong kaharian. Nakarating iyon sa pandinig ni Prinsipe Malakas ng Pangasinan. Balita siya sa taglay na lakas at kabutihang loob. Agad siyang naglakbay patungong Masinlok. Humarap sa Datu ang matikas na prinsipe.

"Nakalaan sa inyo ang aking paglilikod, mahal na Datu," magalang na badya niya. "Nakalaan akong magbigay ng kaukulang gantimpala. Humiling ka kahit anong bagay kapag nagtagumpay ka. Lunasan mo ang suliranin ng kaharian, Prinsipe ng Pangasinan," pahayag ng Datu.

Wala po akong hinihintay na gantimpala, aking Datu. Tayo na sa labas.
Si Alindaya na noo‟y magaling na ay naganyak sa tinig ng panauhin. Sumilip siya sa siwang ng pintuan. Malakas na malakas ang pitlag ng puso ng dalaga.

Nanaog ang Datu pati ang prinsipe. Madali nilang sinapit ang paanan ng bundok.

Sa isang kisapmata, binunot ng prinsipe ang bundok. Parang pagbunot lamang ng isang maliit na punong-kahoy. At sa isang iglap din, ipinatong niya iyon sa kanyang likod na walang iniwan sa pagbalikat ng tinudlang baboy-ramo. Mabilis din siyang humakbang na papalayo at ihinagis ang bundok sa lugal na kinaroroonan nito ngayon.

Bumalik ang prinsipe at ang Datu sa palasyo sa gitna ng pagbubunying mga tao. Galak na galak ang kaharian. Pagdating sa palasyo, niyakap ng Datu ang prinsipe. Iniutos niya ang malaking pagdiriwang para sa karangalan ng prinsipe noon ding gabing iyon.

Gabi ng kasiyahan, nagsasayaw noon ang prinsesa pagkat nahilingan ng amang Datu. Walang alis ang tingin ng prinsipe sa magandang mananayaw. Nabatubalani siya ng magandang prinsesa. Walang humpay ang palakpak ng prinsipe matapos ang pagsasayaw nito.

Kiming umupo ang prinsesa sa tabi ng Datu. Siya‟y tahimik na nakatungo.

"Ang aking anak, si Prinsesa Alindaya, mahal na prinsipe", nakangiting pagpapakilala ng Datu. Yumukod ang prinsipe at ang prinsesa nama‟y nag-ukol ng matamis na ngiti.

Walang alis ang paningin ni Prinsipe Malakas sa dalaga. Hindi matagalan ng prinsesa ang kabigha-bighaning titig ng prinsipe.

"May sasabihin ka, Prinsipe Malakas?" tanong ng hari upang basagin ang katahimikan.

"Hinihingi ko ang inyong pahintulot na makausap ko ang mahal na prinsesa, mahal na Datu", ang hiling ng prinsipe.

"Higit pa sa riyan ang maibibigay ko", sang-ayon ng Datu.

Hindi nagtagal at nasaksihan sa Masinlok ang marangyang kasal nina Prinsesa Alindaya at Prinsipe ng Pangasinan. Nagsaya ang kaharian sa loob ng anim na araw.

Samantala, ang guwang na nilikha ng pagkabunot sa bundok ay napuno ng tubig ito‟y naging isang lawa.

Naging maganda at matulain ang lawang ito na tinawag ng mga tao na Lawa ni Alindaya sapagkat nagpapagunita ng kagandahan ng prinsesa at ng pag-ibig niyang siyang dahilan ng pagkakaron ng Bundok na Pinatubo.

**Reference:** "Alamat ng Bundok Pinatubo | Philippine Literature." http://www.thephilippineliterature.com/alamat-ng-bundok-pinatubo/. Accessed 3 Aug. 2021.

**Address:** Sitio Partida Brgy. Muzon, City of San Jose del Monte Bulacan
**Official Email Add:** 162507.sjdmc@deped.gov.ph
**Contact Number:** 0917-500-5966 **(call only)**

Republic of the Philippines

# Department of Education

REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTECITY
PARTIDA ELEMENTARY SCHOOL

**Office of the Principal**

**Pahintulot ng Magulang:**

## PAHINTULOT

Ako si ________________________________, magulang/tagapag-alaga ni _________________________________, mag-aaral ng Partida Elementary School ay nagbibigay ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang gamitin ang larawan/bidyu at iba pang personal na impormasyon ng aking anak/alaga sa gaganaping Pampaaralang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2021.

______________________________________
Pangalan at Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga

_____________________________
Petsa

**Address:** Sitio Partida Brgy. Muzon, City of San Jose del Monte Bulacan
**Official Email Add:** 162507.sjdmc@deped.gov.ph
**Contact Number:** 0917-500-5966 **(call only)**